

Update sa COVID-19 – ika-6 ng Enero 2021

ANONG BAGO?

Manigong Bagong Taon – ito ang kauna-unahang buwanang update sa Covid-19 para sa taong 2021.

PAGSUSURI SA KEMH

- Kabuuang dami ng swab tests na naisagawa at naproseso sa ngayon: Limang libo, anim na raan at walumpu't siyam (5,689)
- Kabuuang dami ng swabs na nakuha ngunit di pa nasusuri: Wala (0)
- Kabuuang dami ng positibong resulta simula noong ika-3 ng Abril 2020: Dalawampu'y siyam (29)
- Dami ng kasalukuyang positibong resulta sa loob ng isla: Dalawa (2)

Ang ating programa sa *surveillance swabbing* ay patuloy na naging matagumpay, na nakapagtukoy sa amin ng mga positibong kaso habang ang mga tao ay nagsasagawa ng kanilang *quarantine*. Ang swabbing ay nagbibigay sa atin ng malinaw na batayan para malaman kung andito ang virus, at simula sa petsang ito ay hindi pa tayo nagkakaroon ng mga positibong kaso na kung saan ang mga tao ay malubhang nagkasakit o nangailangan na maipasok sa KEMH.

PAALALA SA MGA MAY SAKIT

Nais ipaalala ng KEMH sa lahat na kung ikaw ay may sipon o sakit na tulad ng sa trankaso, o may sakit sa gastrointestinal, pakiusap na manatili sa bahay; **huwag pumunta sa trabaho o sa paaralan.**

Kung ikaw ay may sakit na nakakahawa, hinihiling ng KEMH na sila ay tawagan sa numerong 28000 ngunit **HUWAG** pumunta sa ospital. Ang mga miyembro ng staff ay magbibigay ng abiso sa iyo gamit ang telepono. Paalala na ang mga sintomas ng COVID-19 ay ang mga sumusunod:

- Isang bago o lumalalang ubo
- Mataas na temperatura
- Naghahabol sa paghinga
- Namamagang lalamunan
- Pagbahing o pagkakaroon ng sipon
- Pansamantalang pagkawala ng panlasa o pang amoy

UPDATE SA BAKUNA

Noong Nobyembre 2020, ang gobyerno ng UK ay sumulat sa gobeyrno ng Falkland Islands para kumpirmahin na ito ay nakakuha ng kasunduan mula sa Vaccine Taskforce ng UK para mag-suplay ng mga bakuna sa Covid-19 para sa mga *British Overseas Territories*, at makakuha ng suportang espesyalista at kadalubhasaan, upang makatulong sa bawat teritoryo ng maisagawa at mabantayan ng mahusay ang programa sa bakuna.

Habang wala pa tayong petsa sa pagpapadala ng ating mga bakuna, inilunsad ng Gobyerno ng Falkland Islands ang isang *vaccination planning group*, na responsable sa pagsasagawa ng mga proseso at mga gawain na kinakailangan upang mapatakbo ang programa sa bakuna sa buong isla.

Maaaring nakita ng mga tao na ang bakuna ng *Oxford-AstraZeneca* ay naaprubahan para magamit sa UK noong ika-30 ng Disyembre 2020. Ang pag apruba ay ibinigay ng *Medicines and Healthcare Products Regulatory Agency* (MHRA), na nag-otorisa ng dalawang buong dosis ng bakuna, na ang pangalawang dosis ay ibinibigay sa gitna ng apat hanggang labingdalawang linggo pagkatapos ng unang dosis.

Inaasahan natin na ang bakuna na ibibigay sa atin ay ang bakuna ng *Oxford-AstraZeneca* dahil sa hindi nito kailangan na ilagay sa isang sobrang lamig o *super-cool storage unit*, na magpapadali sa pagpapadala ng mga suplay pati na rin sa pagtatago ng mga bakuna pagkarating nito sa Falkland Islands.

Patuloy naming ibibigay ang mga impormasyon sa publiko patungkol sa progreso ng ating mga plano sa bakuna, ngunit huwag umasa na may kumpirmadong petsa sa mga susunod na panahon, dahil sa ang prayoridad ng dosis ng mga bakuna ay kasalukuyan ibinibigay sa mga bansang nakakaranas ng malubhang epekto ng pandemya.

LOGISTICS SA PALIPARAN AT MGA REQUIREMENTS SA QUARANTINE

Sa kaalaman ng lahat ng tao, ang mga kasalukuyang regulasyon sa quarantine ay nag-uutos sa mga tao na dumating sa Falkland Islands na bumiyahe sa kanilang tirahan sa isa sa mga tatlong paraan:

- Sa pamamagitan ng itinalagang sasakyan ng gobyerno, na binibigay ng Penguin Travel
- Pagmamaneho sa kanilang sarili gamit ang sasakyan na iniwan sa paliparan para sa layunin na iyon
- Sa pamamagitan ng pagsundo ng kanilang mga kaibigan o kapamilya, na dapat sumama sa quarantine kasama ang pasaherong iyon

Noong mga nakaraang mga araw, nagkaroon ng mga problema sa mga itinalagang sasakyan ng gobyerno dahil sa ang Penguin Travel ay walang *coach drivers*, at meron lamang silang *minibus drivers*. Kumuha ang FIG ng isang boluntaryong empleyado upang magmaneho ng coach para kumolekta ng mga paparating na mga pasahero,

gayunpaman, ibig sabihin nito ay ang Penguin Travel ay kaya lang na magsakay ng tatlumpu't anim (36) na pasahero sa isang biyahe.

Karagdagan dito, naisaayos ng gobyerno na mag-iwan ng ilang sasakyan ng FIG sa paliparan para sa mga kawani ng FIG – na iiwan sa loob ng pitumpu't dalawang (72) oras, bago ito muling magamit. May mga kasamahan din tayo sa FIG na pumayag na iwan ang sasakyan ng kanilang kasamahan sa paliparan upang makapagmaneho sila sa kanilang sarili pauwi sa kanilang tahanan. Patuloy at mabuti na susuriin ng gobyerno ang mga kasalukuyang sitwasyon at aabisuhin ang publiko hangga't maaari.

Ang mga tao ay inatasan pa rin mag quarantine sa loob ng labing-apat (14) na araw pagkarating sa isla at manatili sa mahigpit na manatili sa self-isolation kung sila ay nakikibahagi ng tirahan sa ibang tao. Kung ang mga tao ay hindi makapagsagawa na mahiwalay ang sarili sa ibang tao sa panahon ng quarantine, sila ay dapat na maghanap ng alternatibong tirahan at ang Gobyerno ng Falkland Islands ang aaksyon dito. Sinumang nangangailangan ng suportang ito at dapat na tumawag sa numerong 27193 o mag email sa housing@pwd.gov.fk.

Ang pangngailangan na mag quarantine ay maaaring ipatupad ng pulisya at ang paglabag sa pangngailangan na ito isang pagkakasalang criminal na maaaring magmula ng hanggang sa pinakamataas na £2000, pagkakakulong ng hanggang sa tatlong (3) buwan, o pareho. Hinihikayat naming ang mga tao na mag-report ng mga maaaring hindi pagsunod sa mga regulasyon sa quarantine sa pulisya, at sila ang maaaring magbigay ng parusa sa sinumang lalabag sa batas.

Bilang paalala, pag-aaralan ng gobyerno ang mga pagsasaayos sa quarantine tuwing apatnapu't dalawang (42) araw, na nakahanay sa mga pangangailangan ng *Infectious Diseases Control Regulations 2020*. Kasalukuyan naming isinasagawa ang pang-limang pagsusuri, na may kasamang detalyadong pag-aaral ng mga local na polisiya, pandaigdigang sitwasyon, ang ating mga koneksyon sa mga apektadong bansa, at ang pinakabagong ebidensya sa pampublikong kalusugan at iba pang mga datos.

SITWASYON SA UK

Batid ng mga tao ang mga kasalukuyang sitwasyon sa UK, na may karagdagang *lockdowns* na inanunsyo ng Punong Ministro noong Lunes at ang dami ng mga kumpirmadong mga kaso ay patuloy na tumataas. Ito ay lubhang nakakabahala at ang Gobyerno ng Falkland Islands ay patuloy na nakikipagtulungan sa ating mga kasamahan sa UK upang malaman kung paano mababawasan ang mga posibleng panganib.

Kasama dito ang regular na pakikipag-ugnayan sa mga tagapagbigay ng edukasyon, Gobeyrno ng UK, at mga ahensyang medikal, upang matukoy ang mga posibleng epekto nito sa ating mga estudyante na nag-aaral sa ibang bansa at mga pagsasaayos sa mga

pasyenteng bumibyahe papunta at pabalik mula sa UK para sa kanilang pag-aalagang medikal at gamutan.

Patuloy naming gagamitin ang lahat ng mga impormasyon na magbibigay ng pinakabago at realistikong mga abiso para sa mga tao sa aming makakaya, ngunit isaalang-alang na ang mga sitwasyon ay patuloy na nagbabago-bago sa mabilis antas. Ang mga pagbabago ay nagbibigay sa atin ng mga hamon, ngunit ang mga opisyal sa buong gobyerno ay nagseserbisyong mabuti upang mabawasan ang mga pagkagambala at maging tagapagtaguyod para sa mga taga-Falkland Islands.

UPDATE SA PAGBIBIYAHE AT TURISMO

Habang ang mga komersiyal na tulay-pamhimpapawid o *airlinks* sa Chile at Brazil ay nananatiling suspendido ng hanggang sa ika-31 Marso 2021, malugod naming ipinapaalam sa inyo na naging maganda ang pagtugon sa *Tourism Recovery Incentive Programme* – na kilala sa tawag na ‘TRIP Scheme’ – na inilunsad noong Oktubre. Sa ngayon, dalawang libo tatlong daan at labing pitong (2,317) tao ang nagparehistro para sa scheme – na lampas sa pitumpu’t limang porsyento (75%) ng populasyon!

Kung ikaw ay nararapat para sa scheme at hindi pa nakakapagpa-rehistro, hinihikayat naming kayo na mag-apply, kahit hindi mo balak na bumiyaha, dahil ang iyong TRIP voucher ay maaaring magamit para sa mga karanasang panturismo o bilang parte ng iyong bayad sa pagkain sa labas o sa pagbili ng mga regalo sa mga negosyong naka-rehistro sa TRIP. Sa pagtatapos, nais naming pasalamatang ang lahat ng gumamit ng scheme sa kasalukuyan, bilang pagdaragdag sa pagtulong at pagsuporta sa mga lokal na tourist operators sa mga panahong ito, nawa’y nasiyahan ang mga tao sa oportunidad na ito upang magalugad ang Falkland Islands, sa mga lugar na hindi pa nila nabibisita.

Ang susunod na buwang Covid-19 update para sa Falkland Islands ay ilalabas sa ika-3 ng Pebrero 2021.